OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by:
Date: 3/7/25 Time: 8:20

# KAPASIYAHAN BLG. 2025-69

**"NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA SAMAHAN NG MGA BARANGAY CLERK SA BUSTOS."**

---

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Kagalingan at Serbisyong Panlipunan**

---

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 34 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal, na ang Pamahalaang Lokal ay dapat magsulong ng pagtatag at pagpapatakbo ng mga *non-governmental organization* upang maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKA'T**, noong ika-15 ng Hunyo 2022 ay ibinaba ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ang Memorandum Circular No. 2022-083 na nauukol sa "*Guidelines on the accreditation of civil society organizations and selection of representatives to the local special bodies*";

**SAPAGKA'T,** ang Samahan ng mga Barangay Clerk sa Bustos, Inc. sa pamamagitan ng kanilang Pangulo, G. Eduardo Vicencio Jr. ay nagpahayag ng kanilang intensyon na pagkilala sa Bayan ng Bustos upang sumunod sa aktibong pakikisama sa Lokal na Pamahalaan at maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKA'T,** ang Samahan ng mga Barangay Clerk sa Bustos, Inc. ay nakatugon sa mga dokumentong kinakailaangan upang sila ay mabigyan ng akreditasyon ng Sangguniang Bayan, sang ayon sa itinatakda ng DILG Memorandum Circular Number 2022-083.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, pagtibayin ang kahilingan ng samahang SAMAHAN NG MGA BARANGAY CLERK SA BUSTOS na sila ay mabigyan ng akreditasyon.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-17 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-17 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim